Paano nagkakakuto ang mga tao?

Nahahawahan ng mga bata ng mga kuto ang iba pang mga bata mula sa pagdidikit ng ulo at minsan kapag sila ay nakikigamit ng mga suklay, sombrero, damit, panali ng buhok, helmet, bandana, headphone, o iba pang mga personal na mga gamit.

Ang mga kuto ay problema sa mga bahay, daycare centers, paaralang elementarya at preschool. Mas malamang na makuha ng mga bata ang mga kuto mula sa mga miyembro ng pamilya at mga kalaro kaysa sa mga kaklase sa paaralan.

Paano ko malalaman kung may kuto ang aking anak?

Ang tanging paraan upang malaman kung ang iyong anak ay may kuto ay sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang buhok. Ang mga matatanda at kuyumad ay maaaring mas mahirap makita kaysa sa mga lisa na madalas nakikita halos ¼ pulgada mula sa anit.

Paano ko matatanggal ang mga kuto ng aking anak?

Pagsuklay at Pagtanggal ng Lisa

Kung ang iyong anak ay may kuto, ang pinakamabisang paraan upang matanggal ang mga kuto ay ang pagsuklay ng kanilang buhok araw-araw gamit ang suyod ng dalawang lingo.

Ang mga suyod ay dapat metal (hindi plastic) at may mahahabang mga ngipin. Maraming mga tatak ng mga suyod ang mabibili sa lokal na parmasya.

Isang magandang halimbawa ang LiceMeister®* na metal na suyod na nagkakahalaga ng halos $10. Ang mga metal na suyod na pang-garapata na nakikita sa mga tindahan ng mga alagang hayop ay maaari ring gamitin.

Ang pinakamabisang paraan upang tanggalin ang mga lisa ay paghahati ng buhok sa maliliit na mga bahagi. Suklayin mula sa ugat hanggang sa dulo ng buhok. Habang ang bawat bahagi ay sinusuklay, ipitan ang buhok sa anit upang masubaybayan kung alin ang nasuklay na. Kung makakita ng mga kuto, punasan o banlawan ang suklay bago gamitin ulit. Mas madaling suklayin ang basang buhok.

Anumang mga lisa na hindi naalis gamit ang suyod ay dapat tanggalin. Magagawa mo ito sa pamamagitan n pag-alis sa mga ito gamit ang mga kuko sa kamay o sa paggupit ng isang buhok sa pagitan ng anit at kung saan nakakabit ang mga lisa. Suriing mabuti ang buhok ng lahat ng mga miyembro ng pamilya. Ang mga karaniwang lugar kung saan natatagpuan ang mga kuto ay malapit sa anit, sa linya sa leeg, at likod ng mga tenga.

Anumang mga lisa na hindi naalis gamit ang suyod ay dapat tanggalin. Magagawa mo ito sa pamamagitan n pag-alis ng mga ito gamit ang mga kuko sa kamay o sa paggupit ng isang buhok sa pagitan ng anit at kung saan nakakabit ang mga lisa.

Mga Paggamot

Ang mga aktibong sangkap ng karamihan sa nabibiling gamot para sa mga kuto ay Permethrin (Nix®*) o pyrethrin. Maaaring ibigay ang Benzyl Alcohol lotions (5%) katulad ng Ulesfia®* upang patayin ang mga kuto ng mga batang 6 na buwan o mas matanda.

Maaaring ireseta ang Ivermectin (0.5%) na mga gamot gaya ng Sklice®* upang patayin ang mga lisa at mga kuto sa mga batang 6 na buwan ang edad o mas mataas.

Maaaring ireseta ang Spinosad (0.9%) na mga gamot gaya ng Natroba®* upang patayin ang parehong mga kuto sa ulo at lisa sa mga batang higit sa 4 na taong gulang.

Ang AirAllé®* ay isang kagamitan na nagbubuga ng malakas na daloy ng pinainit na hangin sa anit upang patayin ang mga kuto at lisa.

NAPAKAHALAGANG

Pakuluan ang mga suklay, brush, hair band, at mga pang-ipit ng buhok sa tubig nang limang minute, o ibabad sila sa rubbing alcohol o Lysol®* ng isang oras. I-vacuum ang mga alpombra at mga kasangkapan sa bahay.

*Ang paggamit ng pangalan ng produktong ito ay hindi nagpapahiwatig ng komersyal na pag-endorso ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California.

Ang tunay na laki ng itlog (lisa), kuyumad, at kuto kumpara sa isang sentimo.

